KALATAS
Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 43 BILANG 2 BASAHIN AT TALAKAYIN PEBRERO 2023

EDITORYAL

# Buklurin ang buong bayan laban sa ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte

Nagdarahop ang bayan sa labis na kagutuman at kawalan ng trabaho sa gitna ng pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Pinalubha ng ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte ang krisis ng estadong malakolonyal at malapyudal kasabwat ang mga lokal na naghaharing uring panginoong maylupa, burgesya kumprador at burukrata kapitalista. Ang lumalawak na agwat ng mayayaman at mahihirap at umiigting na kontradiksyon sa pagitan nito ang nagtutulak sa sambayanang mag-aklas at lumaban.

Walang kwenta ang mga ibinalangkas ni Marcos Jr. na panibagong programa sa ekonomya na Philippine Development Plan dahil wala itong pinag-iba sa mga naunang programa ng mga nagdaang administrasyon. Pawang pagpapanatili lamang sa ekonomyang nakasalig sa pag-iimport ng mga yaring produkto at pag-eeksport ng mga murang hilaw na materyales.

Pinasisidhi pa ni Marcos Jr. ang liberalisasyon sa ekonomya ng bansa at paglalako ng patrimonyang yaman ng bansa. Niluluto ang *charter change (chacha)* sa Kamara na magbubuyangyang sa lupa at likas na yaman dahil pahihintulutan ang 100% pag-aari ng mga dayuhan sa Pilipinas. Pahahabain pa nito ang termino ni Marcos Jr. hanggang sampung taon.

Bilang tuta ng imperyalismo, hinahayaan ni Marcos Jr. ang pagkontrol ng US sa bansa sa tabing ng pagtatanggol laban sa China. Nakaamba ang pagtatayo ng limang bagong base militar ng US sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement. Isinasapanganib nito ang buhay ng mamamayan sa pagsasagawa ng mga pinagsanib na ehersisyo-militar ng pwersang Amerikano at Pilipino, pinakahuli ang ginanap sa hilagang bahagi ng bansa nitong Pebrero. Tahasang pang-uupat ito sa China na karibal ng US sa pagpapataw ng hegemonya at dominasyon sa Asya Pasipiko. Sa tabing ng gera at pagsasanay laban sa China, pinagkakakitaan ng US ang mga armas at iba pang kagamitang pandigma na inilalako sa Pilipinas.



# KALATAS

Pebrero 2023
TOMO 43 BILANG 2


NILALAMAN


1 Buklurin ang buong bayan laban sa ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte

4 Kalagayan ng magsasaka ng palay sa Mindoro

6 Ang pananabik ng masa sa Bagong Hukbong Bayan

7 Kilos Protesta: Mga pagkilos laban sa Kaliwa Dam at paggunita sa ika-37 taon ng Pag-aalsang EDSA

8 Tugon ni PdG: Paano ginagamit ng pamilyang Marcos at imperyalismong US ang sining at kultura para ipataw ang kanilang paghahari? Paano ito lalabanan?

10 Balita: Konsolidasyon ng AMC-BHB Quezon at pahirap na oil spill sa MIMAROPA

11 Kilos Protesta: Barikada kontra-mina sa Romblon at Palawan

12 Ka Joma Lives: Anti-imperyalista at dakilang proletaryong internasyunalista

13 Balita: Laban ng unyon ng manggagawa sa Nexperia

14 Pahayag: Mamamayan ng daigdig, magbigkis, pigilan at labanan ang lahat ng anyo ng inter-imperyalistang gera!

16 Tula: Kay Ka Facio mula kay Ka Maya



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


Sa harap-harapang pambubusabos sa kalayaan, karapatan at kabuhayan ng mamamayan, ginagamit ang AFP-PNP para supilin ang kanilang makatarungang pakikibaka sa ngalan ng kontra-rebolusyonaryong gera. Nakabalangkas ang gerang ito sa US *counter-insurgency guide* na hindi lamang nakatutok sa rebolusyonaryong kilusan kundi sa lumalabang mamamayan.

Sa harap ng naaagnas na kalagayan ng bayan, nalilikha ang paborableng sitwasyon upang imulat at buklurin ang papalawak na hanay ng mamamayan para ipaglaban ang kanilang pambansa-demokratikong interes. Ang dambuhalang pwersang ito ang dapat pamunuan at pagkaisahin ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan upang maitransporma ang kanilang lakas laban sa pangkating Marcos-Arroyo-Duterte, ang pinakamasahol na papet ng US sa malakolonyal na estado.

Upang maisakatuparan ito, susi ang pag-oorganisa sa uring manggagawa na abanteng destakamento ng Partido at namumuno sa rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan. Dapat paramihin ang mga manggagawang kasapi ng Partido at armasan sila ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Dapat malawakang isulong ang kilusang welga ng mga manggagawa para sa sahod, kaseguruhan sa trabaho, kagalingan sa loob ng pagawaan at upang pandayin ang kanilang makauring lakas.

Dapat pahigpitin ang pagkakaisa ng mga manggagawa sa mga magsasaka, ang pangunahing pwersa ng rebolusyon, bilang saligang alyansa na pundasyon ng malapad na nagkakaisang prente laban sa naghaharing uri. Ang magsasaka ang pinakamalaking bilang ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan na maaasahan sa pagsusulong ng digmang bayan sa kanayunan. Dapat silang pukawin, organisahin at pakilusin para sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo na ang pangunahing nilalaman ay ang kanilang karapatan sa lupa at unti-unting mapahina hanggang maibagsak ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa sa kanayunan.

Kabigin ang petiburgesya bilang maaasahang progresibong pwersa ng rebolusyon. Palahukin ang mga kabataan at intelektwal sa pakikibaka ng mga magsasaka at manggagawa. Mahalaga ang papel ng petiburgesya sa pagpapasigla ng kilusang propaganda para palahukin ang mas malawak na mamamayan sa demokratikong rebolusyong bayan (DRB). Itaas ang kanilang pampulitikang kamulatan at kapasyahang magrebolusyon. Palakasin at palawakin ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng mga kabataan, kababaihan, guro, artista at manunulat, siyentista, kawani ng gubyerno, taong simbahan, manggagawang pangkalusugan at iba pang demokratikong sektor. Hamigin ang mga pambansang burgesya sa rebolusyon para sa pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon at pakikibakang anti-imperyalista.

Ang malapad na nagkakaisang prente ay isang malakas na muog at kalasag ng malawak na hanay ng sambayanan laban sa naghaharing uri at imperyalismong US. Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, isinusulong nito ang mga demokratikong hangarin ng mamamayan. Inilulunsad nito ang DRB upang makamit ang tunay na kalayaan at demokrasya.

Sa pagpapalakas ng nagkakaisang prente, kailangang pag-ugnay-ugnayin ang mga pakikibakang anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasista. Dapat paigtingin ang anti-imperyalistang paglaban ng bayan para makalaya sa kuko ng imperyalismo. Iputok ang mga anti-pyudal na laban upang pawiin ang pyudalismo na baseng sosyal ng imperyalismo. Palakasin ang anti-pasistang pakikibaka upang biguin ang panunupil ng reaksyunaryong sandatahang pwersa ng estado.

***"Ang tagumpay ng DRB ay nakasalalay sa paglahok ng pinakamaraming bilang ng mamamayan. Ubos-kaya nating pukawin, organisahin at pakilusin ang lahat ng inaapi at pinagsasamantalang uri at sektor ng lipunan."***

Labanan ang dominasyon ng US sa ekonomiya, pulitika at militar ng bansa, gayundin ang panghihimasok ng China sa Pilipinas. Ilantad at tutulan ang niluluto ng US na *proxy war* sa Asia Pacific laban sa China kung saan gagamitin ang Pilipinas bilang base militar o lunsaran ng digmaan sa hinaharap. Itakwil ang taksil na ilehitimong Marcos at Duterte sa paghahandog ng patrimonyang yaman ng bansa sa mga imperyalista. Igiit ang pagpapabasura sa mga neoliberal na patakaran ng estado na gumagapos sa pag-unlad ng bayan.

Iputok ang mga pag-aalsang bayan para igiit ang kanilang pang-ekonomikong kagalingan. Patuloy na buuin at patatagin ang mga militanteng unyon sa hanay ng manggagawa na mamumuno sa kanilang mga welga laban sa kapitalista. Malaking bilang ng manggagawa ang nasa Timog Katagalugan na tinaguriang *industrial belt* o malalawak na pabrika sa Pilipinas. Ipaglaban ang ayuda, batayang serbisyong panlipunan at dagdag sahod ng mga propesyunal.

Tutulan at labanan ang mga proyektong mapangwasak sa kabuhayan at kalikasan. Sa rehiyon, padagundungin ang pakikibaka laban sa konstruksyon ng Kaliwa Dam sa hangganang Rizal at Quezon; mga operasyong pagmimina sa Mindoro, Romblon at Palawan; reklamasyon sa Cavite; pagpapalit-gamit ng lupa sa Batangas at mga huwad na proyektong eko-turismo.

Tutulan at labanan ang *chacha* na naglalayong patagalin ang paghahari ng pamilya Marcos at paghahandog ng likas na yaman ng bansa sa dayuhan. Pigilan ang pakanang Maharlika Investment Fund na magbibigay-laya sa mga itong dambungin ang pera ng mamamayan.

Lubusang ihiwalay ang naghaharing paksyon ng mga Marcos, Arroyo at Duterte. Ipaglaban ang hustisya para sa kanilang mga biktima ng paglabag sa karapatang tao. Patuloy silang singilin sa kanilang pagdarambong at utang na dugo sa bayan.

Dapat magpunyagi sa mga pakikibakang bayan habang ginagapi ang pasismo ng estado. Ipabasura ang Anti-terror Law at buwagin ang NTF-ELCAC. Singilin at papanagutin ang AFP-PNP sa mga paglabag sa karapatang tao sa kanilang anti-komunistang gera. Igiit na tanggalin ang pondo para sa kontra-rebolusyonaryong gera at pagbili ng makabagong armas na gagamitin laban sa mamamayan.

Higit sa lahat, palakasin ang armadong pakikibaka. Suportahan ang Bagong Hukbong Bayan sa pamamagitan ng pagpapasampa ng pinakamabubuting anak ng bayan. Pasiglahin ang paglahok ng masang anakpawis sa digmang bayan at buong giting na ipagtanggol ang mga base ng rebolusyon.

Paramihin at ipagtanggol ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika na binhi ng demokratikong gubyernong bayan. Sanayin ang mamamayan na pamunuan ang kanilang hanay habang isinusulong ang digmang bayan.

Ang tagumpay ng DRB ay nakasalalay sa paglahok ng pinakamaraming bilang ng mamamayan. Ubos-kaya nating pukawin, organisahin at pakilusin ang lahat ng inaapi at pinagsasamantalang uri at sektor ng lipunan upang magkamit ng mas malalaking tagumpay na tuntungan sa pagtataas ng antas ng ating digmang bayan. K

## KILALANIN ANG WATAWAT NG NDFP

Ang watawat ng NDFP ay nahahati sa dalawang bahagi, pula sa taas at asul sa ibaba. Sa gitna ay isang puting *equilateral* na tatsulok na may mga gintong bituin sa bawat sulok at gintong letra ng NDF sa sentro. Ipinapahayag ng watawat ng NDFP ang pagpapatuloy ng rebolusyonaryong tradisyon na nagluwal sa pambansang watawat ng Pilipinas.



# Kalagayan ng magsasaka ng palay sa Mindoro

Kilala ang isla ng Mindoro bilang pinakaproduktibong prodyuser ng bigas sa Timog Katagalugan. Noong 2018, bago ang pandemya, lumikha ito ng higit 809,000 metriko toneladang (MT) bigas. Higit limang beses ito ng kinakailangang dami para pakainin ang mamamayang Mindoreño. Kahit sa antas ng mas mahinang produksyon habang at matapos ang pandemya, sobra-sobra pa rin ang bigas na pinoprodyus sa isla.

Balintunang ang kasaganaang ito ay hindi ramdam ng mga magsasakang Mindoreño. Pahirap nang pahirap ang kanilang kalagayan. Hanggang ngayon, nagkakasya sa kapiranggot na lupa ang kalakhan ng mga magsasaka ng palay habang ang mga walang lupa at nakikisaka lamang ay pumapailalim sa mga mapagsamantalang sistema kung saan pumaparte ng malaki ang panginoong maylupa sa ani o kita kahit na hindi ito nagpagod.

Dumagan sa pagdurusang hatid ng pyudal na kaayusan ang higit sa dobleng presyo ng *farm inputs*, tumataas na upa sa mga makinarya at kawalan ng suporta mula sa estado. Ang ibang pananim na kahalili ng palay gaya ng sibuyas at munggo ay bagsak din ang presyo sa *farmgate* kaya't hindi maasahan bilang pansagip ng kabuhayan.

Dahil sa hungkag at inutil na repormang agraryo ng reaksyunaryong gubyerno, 70% ng lupang agrikultural sa isla ang nasa kamay ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at mga dayuhang kumpanya. Ang natitirang 30% ang pinaghahati-hatian at nililinang ng mga maralita at mababang panggitnang magsasaka. Kataasan na ang dalawang ektaryang sariling lupa para sa maliliit na magsasaka.

**Pasakit dulot ng pyudal na sistema**

Ang mga nakikisaka o mga kasamá ay sinisingil ng napakamahal na upa sa anyo ng sistemang buwisan, katulong o kamkam[1]. Sa buwisan, pasan ng kasamá ang lahat ng gastos sa produksyon at kukunin na lamang ng PML ang absolutong upa na 12 kaban kada ektarya. Katumbas ito ng 70% parte para sa PML.

Kapag sistemang katulong, ang PML ang sasagot sa gastos sa produksyon habang 10-15% ng ani ang ibibigay sa kasamá. May isang kabang bigas kada ektarya na pangkonsumo para sa kasamá. Sa ilang kaso, imbes na porsyentuhan ay binibigyan na lang ang kasamá ng 12-15 kaban ng inaning palay kada ektarya mula sa inani niyang 90 kaban na karaniwan na sa isang ektaryang palayan. Mas malaki nang bahagya ang kita ng magsasaka sa kaayusang porsyentuhan.

Sa sistemang kamkam, tumatanggap ang magsasaka ng ikalimang parte (20%) sa kabuuang ani kapalit ng kanyang lakas paggawa sa pagtatanim at pag-aani ng palay. Karaniwang grupo ng magsasaka ang pumapasok sa kaayusang kamkam.

Makikita ang abang kalagayan ng mga magsasaka sa aktwal na kasong aralin. Sa pag-aaral ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Mindoro, ang abereyds na gastos sa isang ektaryang palayan ay P45,566 sa kundisyong walang patubig, umuupa ng traktora o *rotor* at *harvester*, at gumagamit ng abono at pestisidyo. Pinakamalaking bahagi nito ang *farm inputs*: ang binhi ay 7.3% habang ang mga kemikal ay 28.9%.

Batay sa ganitong kwentada, P3,733 lang ang kinita ng isang tenanteng nagbubuwis sa isang *cropping*, o P31 lamang kada araw. Ang PML na sinulitan ay may P8,700 o P72.50 sa arawan kahit na wala siyang trinabaho.

Samantala, ang isang katulong na nakatanggap ng pinakamataas na 15% ng ani at may bigas na pangkonsumo mula sa PML ay kumita ng P16,350 sa isang siklo o katumbas ng P136.25/araw. Ito na ang pinakamainam na kalagayan, pero para sa mas nakararami, nasa 12% lamang ang parte, umaabot lamang ng P87 kada araw ang kita.

Dahil sa marami ang walang lupa at ang may kakarampot na lupa nama'y hirap sa gastusin sa produksyon, dumarami ang nagpapaupa o nagiging manggagawang bukid. Mababa ang sahod na naglalaro sa P200-P300/araw, ngunit umaabot nang hanggang P400 para sa mga nag-oopereyt ng *harvester* o traktora. Ang problema, kaunti lamang ang nagbebenepisyo sa relatibong mataas na sahod dahil iilan lamang ang kailangang opereytor o *driver*. Nabawasan ang pangangailangan para sa mga manggagawang bukid mula nang lumaganap ang mga *harvester* at traktora. Pati ang dami ng sinasagraw o yaong sinisimot na tira-tirang palay matapos ang paggagapas ay nawala. Pandagdag sana sa pagkain ng pamilya ang naiuuwing sagraw mula sa bukid.



**Dagok ng neoliberalismo**

Nakalubog na sa kumunoy ng kahirapan ay lalo pang inilulubog ang mga magsasaka ng pagpapailalim ng Pilipinas sa pandaigdigang imperyalistang kasunduan sa "malayang kalakalan." Buhat nang maging batas ang Rice Liberalization Law noong Pebrero 14, 2019, tuluy-tuloy na bumagsak ang presyo ng palay sa *farmgate.* Nalugi ang mga magsasaka dahil sa pagbaha ng murang *imported* na bigas.

Sa Occidental Mindoro, pinakamababa ang presyong P12/kilo sa Rizal at pinakamataas P19/kilo (tuyo) sa Calintaan. Lumalabas na sa Occidental Mindoro, pinaka-karaniwan ang presyong P14/kilo na labas *harvester* (galing sa *harvester*)—sa ganitong kalakaran nakakatipid sa bayad sa pagkakarga dahil kinukolekta na ito ng mga *trader* sa mga magsasaka. Sa kabilang probinsya ng Oriental Mindoro, bahagyang mas mataas ang bili sa magsasaka sa presyong P17/kilo ngunit mababa pa rin sa dati nang kahilingang itaas ang presyo hanggang P21.

Panibagong dagok sa mga magsasaka ang pagsirit ng presyo ng langis at mga *farm input*, at resulta nitong pagmahal ng renta sa mga makinarya. Nasa P80-90/litro ang krudo at gasolina, kaya't itinaas ng mga may-ari ng *harvester* at traktora ang upa. Tumaas ang dating hunos[2] sa *harvester* na 8-10 kaban kada ektarya tungong 12-14 kaban nitong 2022. Pumapalo naman ang upa sa *rotor* ng P3,000-P4,000 kada ektarya, P500-P1,000 na mas mahal kaysa dati.

Higit doble ang presyo ng *urea* na P2,800/sako mula sa dating P950/sako. Para makatipid, may mga naghahalo sa abono ng *ammonium nitrate* na P1,800 lamang kada sako. Gamit ang *ammonium nitrate* sa pagpapabulaklak ng mangga.

Sa panahon ng kalamidad, tulad ng nangyari nitong bagyong Paeng, walang signipikanteng ayuda para sa magsasaka. Hindi rin saklaw ng serbisyong patubig ang lahat ng mga palayan. Noong 2020, nasa 136,562 ektarya o 76% ng lupang agrikultural sa Mindoro ang may irigasyon.

Sa mga lugar na may irigasyon sa Occidental Mindoro, nagbabayad ng P500/ektarya (tag-ulan) at P1,000/ektarya (tag-araw) para sa patubig. Hindi pantay ang distribusyon ng serbisyo dahil madalas itong nakokopo ng mga panginoong maylupa't mayamang magsasaka at kanilang mga kadikit.

**Baon sa utang**

Para mabuhay, nangungutang ang karamihan sa mga magsasaka. Madalas nilang takbuhan ang mga *microfinance* na nagsisilbing modernong usurero dahil sa napakataas na interes na umaabot ng 15%. Sa tindi ng kagipitan, dalawang *card* ang inuutangan ng mga magsasaka. Ilan sa mga *microfinance* sa Mindoro ang Card Bank, ASA Card at RC (Reliable Credit Microcredit). Ang ASA ay nakatatanggap ng utang mula sa CitiGroup, isang malaking Amerikanong kumpanya sa pinansya.

Kaunti lang ang nakakautang sa Landbank na may 2% interes dahil mahigpit ang proseso bago makapangutang. Kaya, babalik pa rin ang mga magsasaka sa mga PML at *trader,* dahilan para maobliga silang magbenta sa inuutangang trader kahit barat ang presyo. Sa PML at *trader*, tinutumbasan ang P1,000 na utang ng tatlong kaban ng palay.

Sa hirap ng kalagayan, kahit ang nagsasakang-maylupa ay kapos ang kita. Ayon sa isang mababang panggitnang magsasaka, gumastos siya ng P51,800 sa isang *cropping* ng kanyang 1.5 ektaryang tubigan. Umani siya ng 90 kabang palay dahil kaunti ang nagamit niyang abono. Sa P14/kilo ng palay, may kabuuan siyang benta na P63,000. Lalabas na kumita lamang siya ng P11,200 para sa apat na buwang trabaho o P93 kada araw. Uutang siya sa *card* para makapag-*second cropping*.

**Ano ang dapat gawin?**

Hindi makakaalpas ang magsasakang Mindoreño sa busabos nilang kalagayan hangga't nananatili ang kontrol sa lupa ng iilan at ang imperyalistang dominasyon sa ekonomya ng Pilipinas. Kailangang bunutin ang ugat ng pyudalismo, burukrata kapitalismo at imperyalismo upang lubusang matamasa ng magsasaka ang bunga ng kanilang pagpapagal sa lupa.

Ang pagpapalaya ng mga magsasaka mula sa pyudalismo ang ubod ng programa ng demokratikong rebolusyong bayan na isinusulong ng PKP-BHB-NDFP. Kailangang umanib ang masang magsasaka sa Pambansang Katipunan ng Magbubukid, ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga magsasaka, at magsulong ng DRB upang makamit ang kanilang karapatan sa lupa at paunlarin ang kanilang kabuhayan. Sa buong bansa, isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang rebolusyong agraryo (RA) na may maksimum na programang libreng pamamahagi ng lupa sa mga wala at kulang sa lupang sinasaka. Sa minimum ng programa ng RA, itinataas ang antas ng kabuhayan ng masa sa kanayunan sa pamamagitan ng pagpapababa ng upa sa lupa, pagtataas sa sahod ng manggagawang bukid, pagkontrol sa usura, pagpapataas sa presyo ng produktong bukid at pagtataas sa lokal na produksyon.

Sa gabay ng Partido at tuwang ng BHB, muling sisigla at lalago ang pakikibakang magsasaka sa Mindoro. Tatanganan nila ang mayamang kasaysayan ng pagsusulong ng RA sa isla na nagkaloob sa libu-libong pamilya ng lupang bubungkalin. Ang laban para sa lupa ang pundasyon ng lakas ng rebolusyonaryong paglaban ng mga Mindoreño. K

---

*1 Sistema sa palayan kung saan ang isang magsasaka ang sumasalo sa gastusin ng pagtatanim at pag-aani ng palay kapalit ng kabahaging makukuha sa ani. May dalawang tipo: talok-ani at sabog-ani. Sa sabog-ani, ang nagkamkam ang gumagawa ng kanal sa tubigan. Sa kasalukuyan, ang nagkamkam ay may ikalimang parte sa kabuuang (gross) ani.*

*2 Upa o renta*

# Ang pananabik ng masa sa Bagong Hukbong Bayan

Sa isang eryang matagal na naiwanan at muling binalikan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), nagulat ang mga masa nang may bumati, kumamay at magpakilalang mga Pulang hukbo sa kanila. Mababanaag na hindi sila makapaniwalang may mga kasama ulit sa kanilang lugar. Bagamat may kaunting pangamba, sinalubong ng masa ang mga kasama ng malalaking ngiti, mainit na pakikipagkamayan at masasayang pakikipagtalakayan. Ramdam na ramdam ang pananabik nila at ang di magmamaliw na pagmamahal sa kanilang Hukbo.

Halos dalawang dekada na hindi nakilusan ng BHB ang eryang Rosal matapos ang mga pinsalang tinamo nito mula rehimeng US-Arroyo hanggang rehimeng US-Duterte. Dumanas ang mamamayan ng Rosal ng matinding panunupil at paglabag sa karapatang tao mula sa pasistang AFP-PNP — pagpatay, pambubugbog, pagbabanta, iligal na pang-aaresto at pagkulong, pekeng pagpapasuko, pagmamanman at iba pa. Humantong ang panghahalihaw ng mga pasista sa mga labanan kung saan nagbuwis ng buhay ang ilang kasama at masa.

Nagdulot ito ng matinding teror sa kanila. Ngunit hindi nito mapasusubalian ang mga tagumpay na nakamit ng masa at ng rebolusyonaryong kilusan lalo ang lupang ipinamahagi sa masa bunga ng matagumpay na rebolusyong agraryo. Naparusahan ang masasamang elemento sa mga baryo gaya ng magnanakaw ng mga alagang-hayop (baka, kalabaw, kambing, baboy, manok, at iba pa) at mga aset ng kaaway. Naging masigla rin ang pagbibigay-serbisyo ng Hukbo sa masa dito noon gaya ng pag-aayos ng mga alitan sa pagitan ng taumbaryo, serbisyong medikal at produksyon. Ang mga kabataan na katuwang dati ng mga kasama na ngayo'y may mga pamilya na ang nagpapatotoo sa mga ito.

Kwento ni Nanay Laura, "Nung bata pa kami, walang magnanakaw dito sa amin. Kasi takot sila sa NPA! Hindi na nawawala ang mga kalabaw at iba pang hayop, kaya 'di kami nag-aalala noon. Ngayon, iba na kasi walang NPA. Buti na lang bumalik na kayo."

Nilangoy ng mga kasama ang Rosal tangan ang prinsipyong patuloy na makapagpalakas at magpursiging maglingkod sa masa sa kabila ng matinding atake ng kaaway sa kasalukuyan. Kumbinasyon ng matatanda at mga batang opisyal at Pulang mandirigma ang nangahas na ireaktiba ang lugar. Hindi naging hadlang sa kanila ang 'di pamilyarisadong tereyn at limitadong kaalaman sa masa bunga ng matagal na pagkaiwan sa erya upang umabante. Muli nilang inaral ang kalupaan, at inalam ang kalagayan ng masa at inugnayan silang muli para pukawin, organisahin at pakilusin. Pinanghawakan ang paalon-along pag-oorganisa para maabot ang mas malawak na masa.

Puhunan ng mga kasama ang ipinundar ng mga naunang yunit ng Partido't BHB sa matiyagang pagbalik sa mga dati nitong napakilos na masa. Matiyagang ipinaliwanag sa masa ang batas ng rebolusyon na puno ng liko't ikot: makibaka, mabigo, muling makibaka, muling mabigo, hanggang sa makamit ang ganap na tagumpay. Sa pamamagitan nito, napawi ang takot ng masa at tumaas ang kanilang rebolusyonaryong kamulatan at kahandaang kumilos. Sabi nga ni Tatay Mark, "Nami-*miss* ko na yung dati, napakarami nating nagtitipon-tipon para sa anibersaryo ng Partido, sana maulit 'yon!"

Puspusan naman ang pagpopropaganda at paglilinaw ng mga kasama sa mga bagong nauugnayang masa. Nariyan ang pagpapakilala sa Hukbo, pagpapaliwanag ng katangian ng pasismo ng estado gamit ang berdugong AFP-PNP at pagharap sa pasistang atake. Muli ring inaral ng masa ang mga sulatin ni Jose Maria Sison kagaya ng Lipunan at Rebolusyong Pilipino.

Kaakibat ng mga ito ang walang pagod na pagbibigay ng mga kasama ng serbisyo para sa masa, pangunahin ang serbisyong medikal. Karaniwang daing ng masa na hindi sila makapagpa-ospital dahil mahal. Sa piling ng BHB, naranasan nila ang libreng payong medikal, gamot, pagtuturo ng mga halamang gamot, akupangtura, paglilinis ng sugat at pagbubunot ng ngipin. Nagbibigay rin ang BHB ng libreng pagpapagupit sa masa.

Inayos din ng mga kasama ang mga kasong inilalapit sa kanila, na karaniwang tungkol sa usapin ng lupa—mga kaso ng pangangamkam ng lupa, o di kaya'y alitan sa lupa ng magkakamag-anak. Masusing pinag-aralan ng mga kasama ang mga ito at bumuo ng mga payo at hakbangin para sa masa. Tumulong din ang BHB sa produksyon ng masa. Sa ganitong mga paraan, unti-unting nakita ng masa ang dalisay na hangarin ng BHB at kaibahan nito sa AFP-PNP.

Nagpunyagi ang Hukbo na maisakatuparan ang kanyang mga gawain sa gitna ng gitgitan at walang-humpay na mga operasyong militar ng berdugong AFP at PNP. Ikinubli ng masa ang kanilang hukbo sa harap ng matinding pananakot at panunupil ng mga sundalo at pulis.

Sa isang pagkakataong nagpanggap ang mga pwersa ng AFP-PNP na mga kasama, hindi nalansi ang masa dahil kilala nila ang kanilang tunay na Hukbo.

"Sus alam ko na 'yan, kilala ko na ang mga kasama mula pagkabata. Kahit gayahin nila ang paraan ng pagsasalita ng mga kasama, hindi ako maloloko ng mga sundalo!" Natatawa pang kwento ni Tony.

*Sundan sa pahina 7*




# Mga katutubo at tagapagtanggol ng kalikasan, mariing tinutulan ang muling pagtutuloy ng Kaliwa Dam

Kasabay ng Alay Lakad ng mahigit 300 Dumagat at Remontado mula Tanay, Rizal hanggang National Capital Region (NCR), nagprotesta ang mga katutubo at grupong makakalikasan sa pangunguna ng Network Opposed to Kaliwa, Kanan, and Laiban Dams (NKKLD) sa iba't ibang ahensya ng reaksyunaryong gobyerno noong Pebrero 20 upang mariing tutulan ang muling pagtutuloy ng konstruksyon ng mapangwasak ng Kaliwa Dam.

Naglunsad ng programa ang nasabing grupo sa harap ng opisina ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) upang kundenahin ang pakikipagsabwatan ng NCIP sa mga kumpanya sa likod ng Kaliwa Dam Project. Inilantad nila ang panlilinlang ng NCIP sa mga Dumagat at Remontado para makakuha ng *free, prior and informed consent* (FPIC). Ayon sa NKKLD, kasinungalingan ang sinasabi ng NCIP na walang tumututol na katutubo sa pagtatayo ng Kaliwa Dam.

Sa kasulukuyan, niraratsada na ang pagtatayo ng Kaliwa Dam. Sinimulan na ang unang yugto ng proyekto noong Disyembre 2022 kung saan ipinakat ang *tunnel boring machine* sa Teresa, Rizal na lilikha ng 28-kilometrong *conveyance tunnel* hanggang General Nakar, Quezon. Target ng reaksyunaryong gubyerno na gawing operasyunal ang Kaliwa Dam pagsapit ng 2027.

Pagkatapos ng protesta sa NCIP, tumungo sa House of Representatives ang NKKLD upang suportahan ang inihain na House Resolution ng Makabayan Bloc para itulak ang Committee on Natural Resources na imbestigahan ang krisis sa tubig sa NCR at pagtutuloy ng konstruksyon ng Kaliwa Dam. Nagprotesta rin sila sa harap ng opisina ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) para tutulan ang Kaliwa Dam. Ang MWSS ang ahensya ng pamahalaan na nangangasiwa sa pagtatayo ng Kaliwa Dam.

Ayon kay Kakay Tolentino, tagapagsalita ng NKKLD, "Pinsala sa buhay, kabuhayan at kalikasan ang tanging idudulot ng pagtatayo ng Kaliwa Dam. Hindi kailangan ng dambuhala at mapangwasak na dam para magbigay ng serbisyo sa tubig. Ang mga dayuhan katulad ng China, dambuhalang korporasyon at korap na mga pulitiko ang magbebenepisyo rito."

Ipinanawagan din ng mga katutubong Dumagat at Remontado ang pagtatanggol sa lupaing ninuno at pangangalaga sa kalikasan.

# Mga mamamayan ng Timog Katagalugan ginunita ang ika-37 taon ng Pag-aalsang EDSA

Sa pangunguna ng Southern Tagalog Movement Against Tyranny (ST MAT), tumungo ang iba't ibang organisasyon sa National Capital Region upang gunitain ang ika-37 taon ng EDSA People Power kung saan pinatalsik ng mamamayan ang diktador na si Ferdinand Marcos Sr. noong 1986. Ang makasaysayang pag-aalsa ay produkto ng deka-dekadang anti-diktadurang paglaban ng mamamayan.

Ani Merwin Alinea na tapapagsalita ng ST MAT, "Kinikilala natin ang makasaysayan at mapagpasyang hatol ng mamamayan na patalsikin ang pasista at diktador na si Marcos Sr. Subalit, nahaharap na naman tayo ngayon sa isa pang Marcos kung saan mas malala ang krisis na kinakaharap ng bayan."

Nagprotesta ang nasabing mga grupo sa PHILCOA. Inilahad nila ang tumataas na presyo ng mga bilihin at mababang pasahod habang sunod-sunod ang pagbyahe ni Marcos Jr. sa iba't ibang bansa para ilako at ibuyangyang ang likas na yaman ng Pilipinas.

Pagkatapos, tumungo sila sa People Power Monument upang lumahok sa pambansang pagkilos. Bitbit ng hanay ng Timog Katagalugan ang *effigy* na nagngangalang "Garapasista" kung saan makikita ang busog na busog na garapata na may ulo nina Marcos Jr. at Sara Duterte. Simbolo ito sa gahiganteng paghuthot ng mga Marcos at Duterte sa yaman ng bayan. Sinira ito bago magtapos ang programa.

Dinahas at hinarang ng Manila Police District (MPD) ang delegasyong patungo sa isang *forum* sa Maynila. Ayon sa ST MAT, ang ginawa ng MPD ay manipestasyon ng kawalan ng kalayaan ng mamamayan na iehersisyo ang kanilang karapatan sa pamamahayag at pagpoprotesta.

*Ang pananabik ng masa sa BHB...mula sa pahina 6*

Hindi makatuloy sa kanyang bahay ang mga pulis at militar ni makakuha ng impormasyon tungkol sa masa at BHB.

Ngunit minsan, may mga hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng Hukbo at masa. Nagulat ang mga kasama nang marinig ang balita na galit si Nanay Bella at pinaghahanap sila. Nang matunton sila ay marahang hinampas ang lahat ng mga kasama habang naghihimutok na sinabing, "Bakit kayo umalis nang walang paalam? Malayo pa ang kaaway, doon muna kayo sa amin."

Maaaring pansamantalang maputol ang ugnayan ng BHB at masa ngunit hindi kailanman mapapatid ang bigkis na nagbubuklod sa kanila. Hangga't nagkakaisa ang Hukbo at masa sa hangaring wakasan ang pang-aapi at pagsasamantala, patuloy na susulong ang rebolusyon.

# TUGON NI PATNUBAY DE GUIA

# Paano kinasangkapan at patuloy na ginagamit ng pamilyang Marcos at imperyalismong US ang sining at kultura para ipataw ang kanilang imbing paghahari? Paano ito lalabanan?

Ipinakita sa loob ng higit dalawang dekadang paghahari ni Ferdinand Marcos Sr. ang lubusang pagmanipula sa sining at kultura bilang kasangkapan ng naghaharing uri, laluna ng kanyang pamilya't kroni at among imperyalistang US para makapaghari at manatili sa poder. Pilit isinubo ng diktador ang reaksyunaryong sining at kultura sa mamamayan sa panahong iyon upang ipinta ang isang kathang-isip na gintong kapanahunan sa ilalim ng rehimeng US- Marcos I — isang imaheng kabaliktaran ng tunay na nagaganap sa lipunan. Sa islogang "bagong lipunan" tinabingan ng magagarbong proyektong imprastraktura, pang-aliw na mga palabas sa telebisyon, teatro't pelikula ang malalagim na krimen ng diktadura at kalunus-lunos na kalagayan ng mamamayan.

Pinangunahan ito ni Imelda Marcos, na hambog na nagbansag sa kanyang sarili bilang modernong katauhan ni "Maganda" mula sa alamat na Malakas at Maganda na kwento ng pinagmulan ng lahing Pilipino. Gamit ang ninakaw na pera ng taumbayan, pumosturang patron ng sining si Imelda Marcos. Winaldas ang pondo ng mamamayan sa mga proyekto sa musika, sayaw, sining biswal at arkitektura na hindi naman pinakinabangan ng mayorya ng sambayanan. Hindi iilang mga tanyag na pangalan sa sining at kultura ang tumatanaw ng utang-na-loob sa pabor ni Imelda. Pati ang kanyang kasuotan, alahas at mga luho ay binigyan ng panlipunan at pangkulturang halaga matapos niyang tawagin ang sarili na "Ina ng Bayan".

Kinailangan itong gawin ni Imelda para tabunan ng "makikinang na bagay" (*shiny objects*) ang marurumi at karumal-dumal na mga krimen ng diktadurang US-Marcos Sr. laban sa bayan. Tuso rin itong pakana upang hatiin ang hanay ng intelihensya at panggitnang pwersa. May ilang nabulag, lumunok at naging bayaran upang ipalaganap ang pananaw ni Imelda na silang mga naghaharing uri ang siyang may tungkulin na payabungin ang sining at kultura upang ipataw at ipatanggap ito sa masang anakpawis at sambayanang Pilipino. Isang malinaw na misrepresentasyon ng tunay na kalagayan at aspirasyon ng sambayanang Pilipino.

Ngunit sa likod ng pekeng kariktan, naghuhumiyaw ang karahasan ng rehimeng US-Marcos Sr. Buong pagmamalaking sinabi ni Imelda na ang kanyang pamantayan sa sining at kultura ay ang "*the true, the good and the beautiful*" (ang tunay, ang mabuti at ang maganda), subalit sa katunayan, ang ipinalalaganap nilang sining noong Martial Law ay yaong napakikinabangan ni Imelda sa kanyang tusong pakana na palawigin at patatagin ang kapit ng kanilang pamilya sa kapangyarihan at ng amo nitong imperyalismong US. Sa kabilang panig, ang mahuhusay na akdang pampanitikan at likhang sining na naglalantad sa kabulukan ng reaksyunaryong gubyerno at kumakatawan sa pananaw ng masang anakpawis ay sine-*censor* at pinupulaan.

Nagamit pa sa korapsyon ng mga Marcos ang pagtatayo ng mga institusyong pangkultura at pagpopondo sa mga proyektong sining. Binili ni Imelda at inangkin ang pinakamamahaling mga obra ng sikat na mga pintor sa buong mundo tulad nina Claude Monet at Pablo Picasso. Ayon sa PCGG, mayroong koleksyon ng likhang sining ang mga Marcos na umaabot sa $24.32 milyon. Hanggang sa kasalukuyan, pilit niyang itinatago ang pag-angkin niya sa mga ito. Pero dahil sa nakahihilong kayabangang taglay, nahuli siya sa isang naka-telebisyong panayam, na nasa likod niya ang mamahaling mga obra na siya mismong hinahabol na makuha ng PCGG at pilit niyang itinatanggi na nasa kanya.

Pinondohan ng gubyernong Marcos Sr. ang mga ambisyosong proyekto sa arkitektura tulad ng Cultural Center of the Philippines, Coconut Palace at San Juanico Bridge. Kalakhan sa mga pondong inutang sa imperyalista ay ibinulsa ng pamilya Marcos at mga kroni nito. Nagresulta ito sa lalong pagkakabaon sa utang ng bansa na hanggang ngayon ay pinapasan pa rin ng bayan.

Matapos patalsikin sa Malacanang noong 1986, muling ipinagsiksikan ng mga Marcos ang kanilang pamilya sa kamalayan ng lipunang Pilipino sa patuloy na paggamit sa edukasyon at mga institusyong pangkultura, partikular ang *tri-media* at *social media* gamit ang mga bayarang *trolls*. Mula 1992, desperadong nagpalaganap sila ng rebisyunismo sa kasaysayan. Sa pamamagitan ng kanilang nakaw na yaman, umupa sila ng mga bayarang personalidad sa midya. Panlilinlang ang pagbabansag ng mga ito sa panahon ng paghahari ng mga Marcos mula 1965 hanggang 1986 bilang 'Ginintuang Panahon' ng Pilipinas. Inilabas ito sa mga panayam ng mga pulitikong panig sa mga Marcos, mga bayarang brodkaster sa telebisyon at radyo, mga kolumnista sa dyaryo, at mga sikat na artistang maka-Marcos.

Panibagong insulto sa sambayanang Pilipino ang dalawang pelikulang pinondohan ng mga Marcos para rebisahin ang kasaysayan: ang Maid in Malacañang at Martyr or Murderer ng alipures nilang si Darryl Yap.

Prinoyekto ang mga ito para patibayin ang hinabing kwento ng mga Marcos kaya't pinuno ng maraming misrepresentasyon at kasinungalingan.

Ang pagmamanipula ng mga Marcos sa sining at kultura na pabor sa kanilang paghahari ay tanda ng labis na pagkabulok ng kultura sa malakolonyal at malapyudal na lipunan. Ito ay kulturang nagtataguyod sa reaksyunaryong interes ng imperyalismong US, burgesyang kumprador at panginoong maylupa kabilang ang Simbahang Katoliko, kasama ng ahenteng burukrata kapitalista, para ipataw sa mamamayan ang kulturang kolonyal, hindi siyentipiko at elitista. Layon nitong lasunin ang isip ng mamamayang Pilipino at ilayo sila sa landas ng pagrerebolusyon. Ang pagturing sa mga naghaharing uri, tiraniko, mamamatay-tao at iba pang kabudhi ng diktador na si Marcos bilang mga bayani at "tagapagligtas" ng sambayanan ang pinakamasahol na manipestasyon nito.

Mariing sinasalungat at nilalabanan ng rebolusyonaryong hanay ang reaksyunaryong kulturang pinapalaganap ng mga Marcos at ng amo nitong imperyalismong US sa pamamagitan ng pagtataguyod sa pambansa, siyentipiko at maka-masang kultura sa balangkas pagsusulong ng pambansa at demokratikong rebolusyon. Kaakibat ng pagpapalaya sa mamamayan mula sa pang-aapi at pagsasamantala ang pagpapalaya sa kanila mula sa kamangmangan, atrasadong kaisipan, pamahiin, at sa kolonyal, burges-dekadenteng kultura.

Itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan bilang alternatiba ang pambansang kultura bilang kapalit sa kolonyal na kultura. Lalabanan ng pambansang kultura ang bulag na paghanga sa anumang nanggagaling sa US tulad ng paghanga sa mga lider ng imperyalismo, sundalo, komersyal na produkto, musika at kultura, *Hollywood*, at iba pa. Iwawaksi nito ang kaisipang nag-eengganyo sa dayuhang pandarambong at pangyuyurak sa pambansang soberanya at integridad ng sambayanang Pilipino.



Upang abutin ang pinakasulong na pananaw, payayabungin ang siyentipikong kultura. Kailangan ito para iwaksi ang kaisipang nakaasa sa haka-haka, swerte at superstisyon. Iwinawaksi ng siyentipikong pananaw ang malapyudal na kaayusan, ang pag-iral ng lokal na naghaharing uring kumprador burges at panginoong maylupa na walang kapagod-pagod na kumakamkam ng pinakamalaking bahagi sa pinagpaguran ng mga manggagawa at magsasaka. Itinataguyod nito ang syensyang panlipunan at ekonomyang pampulitika na nagsisilbi sa masang anakpawis at sambayanan para sa wastong pagsusuri sa lahat ng bagay, pangyayari, kaisipan at kasaysayan.

Ibabandila rin ang makamasang kultura na maglilingkod sa interes ng mamamayan, laluna ng manggagawa at magsasaka. Nasa puso nito ang prinsipyo ng linyang masa na naninindigang, ang masa at masa lamang ang tagapaglikha ng kasaysayan. Kilusang masa ang ating pamamaraan sa pagsasagawa ng mga kampanya at programa sa kultura.

Para maitaas ang kamulatan at kakayahan ng masang Pilipino, ipalalaganap ang kampanyang literasiya-numerasiya sa buong bansa at itataguyod ang libreng edukasyon sa lahat ng antas. Titiyakin ang rebolusyonaryong oryentasyon ng edukasyon at kultura na maglilingkod sa interes ng sambayanan. Gagamitin ang lahat ng posibleng daluyan, tradisyunal at makabago, para sa programa sa edukasyon. Gagamitin ang siyentipiko at teknikal na mga kaalaman para paunlarin ang produksyon.

Ang pagpapataas ng antas ng sining ay magtataguyod at maglalarawan ng pakikibaka at tagumpay ng uring anakpawis at mandirigma ng bayan at maglalantad sa pagsasamantala at pang-aapi ng imperyalismo at mga lokal na naghaharing uri laban sa sambayanan. Lahat ng mga propesyunal at may mataas na kasanayan sa sining ay dapat magtaglay ng ganitong rebolusyonaryong diwa. Eengganyuhin silang makipamuhay at lumubog sa hanay ng masang pinaglilingkuran.

Hinihikayat ng NDFP ang mga manggagawang pangkultura at alagad ng sining na lumikha ng matalas at makauring sining na tatarak sa dibdib ng mga mapang-api't mapagsamantala pangunahin ng rehimeng US-Marcos II. Higitan ang inilunsad na rebolusyong pangkultura na dumulo sa pagbagsak sa rehimeng US-Marcos I ng may ibayong talas sa pagdadala ng linyang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalistang linya. Gamiting inspirasyon ang naglalagablab na pakikibakang bayan para ibagsak ang tuta, magnanakaw at delusyonal na pamilya at rehimeng US-Marcos II. K

# Konsolidasyon ng AMC, nagpapatuloy sa gitna ng atake ng kaaway

Tuluy-tuloy ang gawaing konsolidasyon at pagtataas ng pampulitikang kamulatan ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon sa gitna ng atake ng kaaway.




Nagsagawa ng kapehan ang Apolonio Mendoza Command-NPA Quezon para bigyang pugay si Kasamang Jose Maria Sison sa kanyang kaarawan noong Pebrero 8, na may temang "Sulong mga Kasama! Ipagpunyagi ang buhay at kamatayang pakikibaka ng mga kasamang Martir! Dakilain ang mga aral ni Ka Joma!"

Binuksan ni Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC-NPA ang naturang pagdiriwang. Bungad niya, "Ang programang ito ay bahagi ng panawagan ng rehiyon na konsolidahin at palakasin nang ilang ulit ang Partido sa TK! Inaalaala natin ang kaarawan ni Ka Joma na kasabay ng pagsilang ng makabuluhang paglaban ng rebolusyong Pilipino."

Bahagi sa ginawang paggunita ang parangal para sa tatlong kasamang namartir kamakailan at pagbati sa mga bagong nakatapos sa pagsasanay militar sa hukbo.

"Kasabay nito ay dinadakila ang mga kasamang martir sa San Francisco, sina Ka Ken, Ka Karen at Ka Jeni. Kinikilala naman natin ang isang iskwad na bagong nagtapos sa pagsasanay militar bilang mga bagong dugo para sa pagpapatuloy ng mga dakilang adhikain ng namartir na mga kasama," paliwanag ni Ka Cleo del Mundo.

Sina Ka Ken, Ka Karen at Ka Jeni, ang mga kasamang namartir noong Enero 29, 2023 sa isang engkwentro sa San Francisco, Quezon. Tinalakay ng mga Pulang mandirigma ang kwento ng buhay at pakikibaka ng mga kasamang martir. Madamdamin silang nagbahagi ng mga kwento at kultural na pagtatanghal para sariwain ang mga alaala ng buhay at pakikibaka ng tatlong bayani ng sambayanan.

Gayundin, nagkaroon ng maikling programa ng pagtatapos ng Batayang Kursong Pulitiko-Militar para sa isang iskwad ng bagong Pulang mandirigma ng BHB. Isinagawa ang pagsasanay habang hinaharap ang *focused military operations* ng kaaway.

Ayon sa kanilang Punong Instruktor, "Ang dugo ng mga kasamang martir ang magsisilbing binhi para sa pagyabong ng rebolusyon. Hamon sa atin na hawakan ang sandatang kanilang nabitawan. Bigwas sa kaaway na tayo ay nakapaglunsad ng mga pag-aaral at pagsasanay, patunay ito na patuloy na lumalakas ang pwersa ng rebolusyonaryong hukbo sa kanayunan!"

Nagtapos ang Kapehan na puno ng pagsasapuso sa hamon na bakas sa mga mukha ng dumalo baon ang mga dakilang aral ni Kasamang Joma, alaala ng mga martir ng sambayanan at mga bagong mandirigma na magpapatuloy sa pagsulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan. K

# *Oil spill* sa karagatan ng MIMAROPA, pahirap sa mamamayan

Hinaharap ngayon ng mamamayan ng MIMAROPA at mga katabing isla sa Visayas at lalawigan ng Batangas ang sakunang dulot ng pagtagas ng langis o *oil spill* mula sa barkong MT Princess Empress na lumubog sa bahagi ng Naujan, Oriental Mindoro noong Pebrero 28.

Nagbibiyahe ang barko mula Limay, Bataan tungong Iloilo na karga ang 800,000 litrong *industrial fuel oil* nang dalhin umano ito ng malakas na alon at hangin pa-Romblon hanggang lumubog sa Naujan. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa natutukoy ang eksaktong sanhi ng paglubog ng barko dahil sa kawalan ng imbestigasyon. Subalit, napag-alaman na lumang-luma na ang barko at ni-*repair* lang para muling magamit. Dagdag pa, wala rin itong karampatang *permit* para maglayag. Nananatili ang MT Princess Empress sa ilalim ng dagat na saklaw ng Naujan.

Ang kargo ng MT Princess Empress ay isang marumi at napakakrudong klase ng langis o *black oil*. Dahil sa *oil spill*, ipinagbawal na ang pangingisda sa malaking bahagi ng Oriental Mindoro at pag-iigib ng tubig sa mga komunidad na kalapit ng dagat. Iniulat din ang pagkahilo at pagsakit ng ulo't tiyan ng mga residente sa tabing-dagat dahil sa mabahong amoy na dala ng langis.

Nagdeklara na ng *state of calamity* sa 76 barangay sa siyam na bayan sa Oriental Mindoro: Naujan, Pola, Pinamalayan, Gloria, Bansud, Bongabong, Roxas, Mansalay at Bulalacao.

Inulat na rin ang pag-abot ng langis sa mga dalampasigan ng Semirara Island, Caluya, Antique at nitong Marso, sa Taytay, Palawan.

Nakadagdag na salik sa mabilis at malawak na pagkalat ng langis ang hanging amihan.

Pinangangambahan ang idudulot na pinsala ng *oil spill* sa kalikasan na maghahatid ng pangmatagalang epekto sa kabuhayan at suplay ng pagkain ng mamamayan ng MIMAROPA. Batay sa pagsusuri ng University of the Philippines Marine Science Institute, apektado ng *oil spill* ang 20,000 ektaryang (ha) *coral reef* o bahura, 9,900 ha ng bakawan, at 6,000 ha ng *seagrass* na pawang tirahan at likas na paramihan ng mga isda sa Oriental Mindoro, Antique at Palawan. Aasahang liliit ang bolyum ng mahuhuling isda sa darating na mga panahon.

Nanawagan na ang NDFP-Mindoro ng agarang pagtugon sa pangangailangan at pinsala sa kabuhayan ng mamamayang apektado ng trahedya. "Dapat ituring ng gubyerno na pangunahing prayoridad ang pagbibigay ng nakasasapat na ayuda para sa libu-libong mangingisdang Mindoreño. Marapat lang na bumuo ng programang pangkabuhayan para sa mga mamamalakaya na tutugon sa kanilang pangangailangan sa panahon na hindi pa maaaring makalaot," ani Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP-Mindoro.

Nagkukumahog ang lokal na gubyerno at mga pambansang ahensya sa paglilinis sa langis sa dagat subalit kapuna-punang hindi ito agresibo sa pagpapanagot sa mga kumpanyang may-ari ng barko at sa kargong dala-dala nito. Ang MT Princess Empress ay pag-aari ng RDC Reield Marine Services (RDC). Inupahan ito ng SL Harbor Bulk Terminal Corporation para dalhin ang kargong langis mula sa Bataan tungong Iloilo.

Ang SL Harbor Bulk ay subsidyaryo ng San Miguel Shipping and Lighterage Corporation, isa sa mga pag-aari ng San Miguel Corporation (SMC). Ang kroni ng mga Marcos-Duterte na si Ramon Ang ang kasalukuyang presidente ng SMC.

*KILOS PROTESTA*



# Barikada kontra-mina, inilunsad sa Romblon at Palawan

Nagbarikada ang mamamayan ng Romblon at Palawan upang tutulan at labanan ang mapangwasak na pagmimina sa kanilang lugar.

***Romblon.*** Tumagal nang 11 araw ang barikada sa Sitio Bato, Brgy. España, San Fernando sa Sibuyan Island bago napilitan ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) na pansamantalang ipahinto ang eksplorasyon at pagmimina ng kumpanyang Altai Philippines Mining Corp. (APMC) noong Pebrero 3. Naghain ng mga *notice of violation* ang DENR sa AMPC kaugnay ng mga sumusunod na paglabag: (1) kawalan ng *permit* para sa pagpuputol ng mga puno; (2) pagtatayo at pagpapagana ng isang *causeway project* nang walang Environmental Compliance Certificate; at (3) iligal na pagtatayo ng isang daungan sa pamamagitan ng pagtatambak ng graba sa tubig.

Itinuring itong inisyal na tagumpay ng mga taga-Sibuyan. Suspendido ang pagmimina ng APMC hangga't hindi nakukumpleto ang mga hinihingi ng DENR bago maglabas ang ahensya ng *permit*. Naantala ang pagmimina subalit hindi pa ito ipinahihinto kaya tuluy-tuloy na nagbarikada ang mamamayan ng Sitio Bato.

Noong Pebrero 3, inatake ng mga pulis ang barikada upang makapasok ang mga trak ng APMC. Nasaktan ang dalawang residente kabilang si Jhay Romero, konsehal ng Brgy. España. Pinosasan si Romero subalit pinakawalan din makalipas ang ilang oras. Ipinahayag ni Romero ang kanyang pagkadismaya matapos mapalo ng mga pulis na nagdemolis sa kanilang barikada.

Inihain na sa Commission on Human Rights ang mga kaso ng paglabag sa karapatang tao ng mga pulis na silbing bantay ng APMC. Noong Setyembre 2022, hinaras din ng pribadong *goons* ng APMC ang mga residente ng Sibuyan Island at makakalikasang aktibista kagaya ni Rodne Galicha ng Living Laudato Si'.

Malaon nang tinutulan ang pagmimina ng APMC mula nang igawad ng reaksyunaryong gubyerno ang eksplorasyon noong 2009 sa 1,580 ektarya sa Sibuyan Island. Tagumpay ng mamamayan ng Sibuyan ang pagkaantala ng pagmimina sa isla sa nakalipas na dekada. Noong Disyembre 2022, pinahintulutan ng Mines and Geosciences Bureau (MGB) ang eksplorasyon ng APMC dahilan upang muling magbigkis ang mga residente ng Sibuyan at tutulan ang pagmimina.

***Palawan.*** Itinayo ang barikada kontra-mina sa Brooke's Point, Palawan bilang pagtutol sa iligal na operasyon ng Ipilan Nickel Corporation (INC) noong Pebrero 18. Suportado ang pakikibaka ng mamamayan ng Brooke's Point ng mga lokal na lingkod bayan, taong simbahan, mamamahayag at iba pang panggitnang pwersa.

Ayon sa mga residente, walang *permit* ng Mayor ang operasyon ng INC, gayundin ang pagpuputol ng mga puno, pagtatayo ng mga daungan at *causeway project*. Iginiit nila sa DENR na mag-isyu ng *cease-and-desist order* laban sa INC. Pinasubalian din nila ang pinalalabas ng INC na nakuha nito ang *free, prior and informed consent* ng mga katutubong Palaw'an. Tinuligsa rin nila ang *mineral production sharing agreement* na iginawad ng MGB sa naturang kumpanya.

# Ka Joma Sison: Anti-imperyalista at dakilang proletaryong internasyunalista



*"Bilang komunista, ako'y isang proletaryong internasyunalista, isang interesado sa tagumpay ng sosyalismo laban sa imperyalismo, upang mahawan ang daan tungo sa komunismo. Kasabay nito, isa rin akong patriyotikong Pilipino–lumalaban para sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa imperyalismong US at mga tuta nito. Ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino ay hindi maaari at hindi dapat hiwalay sa pakikibaka ng buong mundo."*

*— Kasamang Jose Maria "Joma" Sison*
*Mula sa Sino si Jose Maria Sison?, Serye sa Dangadang, Marso-Agosto 2006*

Kinikilala ng rebolusyonaryong mamamayan hindi lamang sa Pilipinas kundi ng buong mundo ang dakilang ambag ni Ka Joma Sison sa gawaing internasyunal na nagbuklod sa lahat ng mga mamamayang inaapi at pinagsasamanatalahan laban sa imperyalismo. Nagpakadalubhasa siya sa Marxismo-Leninismo-Maismo (MLM) upang hindi lamang suriin ang lipunang Pilipino at daigdig kundi mangahas na baguhin ito sa pamamagitan ng rebolusyong proletaryo.

**Pakikipag-aralan sa pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig**

Inspirasyon ni Ka Joma ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng ibang bansa na masigasig na lumalaban sa imperyalismo upang pag-aralan ang rebolusyonaryong teorya at ilapat ito sa konkretong praktika ng lipunan at rebolusyong Pilipino.

Isa sa mga pinag-aralan niya ang digmang bayan ng China na isa ring malakolonyal at malapyudal na bansa tulad ng Pilipinas. Matapos na magtagumpay ang digmang bayan sa China, tumungo mismo si Ka Joma sa China upang pag-aralan ang rebolusyonaryong praktika ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Dumalo siya sa "Talks at the Yenan Forum on Literature and Art" ni Mao Zedong noong 1967. Ang mga batayang paglilinaw ni Mao sa papel ng sining at panitikan at ang inilulunsad na Great Proletarian Cultural Revolution sa China ang nagsilbing inspirasyon ng pasisimulang kilusang pagwawasto at rebolusyong pagkultura sa Pilipinas bago ang muling pagtatatag sa Partido Komunista ng Pilipinas. Mula sa mga pag-aaral na ito, muling itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas sa teoretikal na pundasyon ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong (Maoismo), bilang saligang linya nito sa ideolohiya.

Matapos bumagsak ang diktadurang US-Marcos I, napalaya si Ka Joma kabilang ang lahat ng mga bilanggong pulitikal sa panahon ng Martial Law noong Marso 5, 1986. Sa kanyang paglaya, dumagsa ang mga paanyaya kay Ka Joma para magbigay ng mga pag-aaral, talumpati, interbyu, at iba pang ligal na aktibidad sa loob at labas ng bansa. Nakapagbigay siya ng mga lektura at talumpati kaugnay sa krisis, kasaysayan at hinaharap ng rebolusyong Pilipino sa iba't ibang unibersidad sa Oceania, Asia, at Europe. Tumungo rin siya sa mga komunidad ng *overseas Filipino workers* upang makipagtalakayan sa kanila.

Nakipag-ugnayan si Ka Joma sa iba't ibang Partido Komunista at pampulitikang pwersa sa iba't ibang bansa para makipagpalitan ng pananaw at karanasan. Naging panauhin siya ng pamunuan ng Palestinian Liberation Organization sa Algeria, at mga Partido Komunista at organisasyong nang-imbita sa kanya sa North Korea, China, East Germany, Yugoslavia, Albania, Nicaragua, Cuba at Mexico.

**Paglaban sa modernong rebisyunismo**

Noong manaig ang modernong rebisyunismo sa Soviet Union at China, laluna noong hubarin na ng mga modernong rebisyunista sa Soviet Union ang maskara ng pagkukunwaring isang sosyalistang bansa noong maagang bahagi ng dekada '90, isinulat at inilabas ni Ka Joma ang Manindigan para sa Sosyalismo laban sa Modernong Rebisyunismo. Matalas na tinunggali nito ang pagtuya ng burgesya na "bagsak na ang sosyalismo, naiwaksi na ang komunismo at nagwakas na ang kasaysayan sa pagtatagumpay ng sistemang kapitalismo".

Tinalakay sa dokumento ang kasaysayan ng proseso ng kapitalistang panunumbalik sa Soviet Union, maging sa China at ang kawastuhan ng pagtakwil sa modernong rebisyunismo. Ipinalaganap ang mga pagsusuma at pagsusuri ni Ka Joma sa krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalismo, pagkundena sa imperyalistang globalisasyon at digmaan at paglilinaw sa mga pakikibaka ng mamamayan patungo sa paggapi sa imperyalismo at pagkakamit ng pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

**Pagkilala sa Maoismo**

Pagpasok ng ika-21 siglo, nanguna at naging bahagi si Ka Joma sa pagbubuo ng International Conference of Marxist-Leninist Parties and Organizations (ICMLPO) na nagsilbing sentro ng pagsasanay at pakikipagpalitan ng ideya at praktika sa hanay ng mga komunista at partido ng mga manggagawa na naninindigan para sa sosyalismo at laban sa modernong rebisyunismo. Naging malaki ang tulong ni Ka Joma sa pagkokonsolida ng mga Partido Komunista sa Asia, Europe at America sa kanyang panahon.

Si Ka Joma ang namahala sa inilunsad na internasyunal na *seminar* sa Kaisipang Mao Zedong noong Disyembre 26, 1993 para ipagdiwang ang ika-100 taon ng kapanganakan ni Kasamang Mao. Inimbitahan sa *seminar* ang iba't ibang mga delegasyon mula sa iba't ibang Partido Komunista at organisasyon. Sinariwa sa *seminar* ang dakilang kontribusyon ni Mao sa pag-unlad ng Marxismo-Leninismo.

Isang malaking hakbang ang nakamit ng pandaigdigang kilusang sosyalista sa pagdedeklara ng Maoismo bilang ikatlong yugto ng pag-unlad ng Marxismo-Leninismo. Higit nitong binigkis ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mga bayan laban sa imperyalismo at para sa sosyalismo.

**Pampulitikang sentro ng pandaigdigang anti-imperyalistang kilusan**

Nagsilbing pampulitikang sentro ng pandaigdigang kilusang anti-imperyalistang pakikibaka ang base ni Ka Joma sa Utrecht, the Netherlands, kung saan siya namuhay bilang *political refugee* mula 1987. Noong Mayo 2001, itinayo ang International League of Peoples' Struggles (ILPS) sa pangunguna ni Ka Joma. Ito ang nagsilbing sentrong nag-uugnay at nagkoordina sa mga kilusang anti-imperyalista sa buong daigdig. Umabot ng lagpas 200 organisasyon ng ILPS ang naitayo sa higit 40 bansa.

Idineklara ng US na kabilang ang PKP-BHB at si Ka Joma sa "listahan ng mga terorista" sa mundo noong Agosto 9, 2002 sa imbing pakana na idiskaril ang negosasyong pangkapayapaan sa Pilipinas. Subalit bigo ang imperyalismong US na dungisan ang pangalan ni Ka Joma. Ipinagtanggol siya ng mamamayan ng daigdig at naglunsad ng mga kampanya upang alisin ang pagtatatak sa kanya bilang terorista. Ang malawak na pagkilala ng pandaigdigang kilusang sosyalista kay Ka Joma at sa kanyang ambag sa pakikibaka ng mamamayan ay patunay na hindi siya terorista, bagkus isang internasyunalista, komunista, rebolusyonaryo at tunay na makabayang Pilipino.

Sa gabay ng MLM, kritikal na sinuri ni Ka Joma ang obhetibong pandaigdigang sitwasyon. Inilantad niya ang pagsusuri sa kapitalistang krisis ng labis na produksyon na naging salalayan ng mga pumuputok na pandaigdigang krisis sa pinansya at humahabang depresyong yumayanig sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Mga batayang pagsusuring higit na nag-aapirma sa batas ng kasaysayan at di maiiwasang pagtungo sa sosyalismo hanggang komunismo.

Dinala ni Ka Joma ang sulo ng pandaigdigang kilusang komunista. Sa madilim na panahon ng kapitalistang restorasyon, pinanatili niyang naglalagablab ang sulo ng MLM. Binigyan niya ng inspirasyon ang uring proletaryado upang samantalahin ang krisis ng nabubulok na pandaigdigang sistemang kapitalismo, magpunyagi sa landas ng sosyalismo at komunismo, at dalhin ang isinusulong nating pandaigdigang rebolusyong sosyalista sa bagong kabanata ng pagpapanumbalik at pagpapalakas. K

## Nakaambang tanggalan sa Nexperia, tinututulan ng unyon

Tinututulan at nilalabanan ng unyong Nexperia Philippines Inc. Workers Union ang nakaambang tanggalan ng 495 manggagawa (375 na kasapi ng unyon, 80 kontraktwal at 40 propesyunal) ngayong Pebrero bunsod ng pagsasara ng Sensors Department at paglipat ng operasyon ng nasabing departamento sa Thailand. Ang mga manggagawang matatanggal ay kabilang sa 801 manggagawang dapat gawing regular sang-ayon sa pasya ng Department of Labor and Employment (DOLE)-Region IV-A noon pang 2017.

Ayon sa unyon, "Gumagawa ng maruming paraan ang kapitalista para hindi matamasa ng manggagawa ang kanilang mga karapatan at benepisyo. Ang matalim na espada ng kapitalista na iwinawasiwas sa manggagawa ay ang pagtatanggal sa trabaho gayong dapat regular na sila at tinatamasa ang mga karampatang benepisyo."

Nauna pa rito, tahasang hinahadlangan ng kumpanya ang regularisasyon ng mga manggagawa. Inapela ng kapitalistang Nexperia ang pasya ng DOLE-IV-A sa opisina ng noo'y kalihim ng kagawaran na si Silvestre Bello III. Muling kinatigan ng DOLE ang naunang pasya na gawing regular ang 801 manggagawa. Nag-apela muli ang kumpanya sa Court of Appeals (CA) subalit pinaborang muli ng CA ang naunang desisyon. Hindi pa rin kinilala ng kumpanya ang desisyon ng CA kaya't iniakyat ito sa Korte Suprema na hanggang ngayon ay wala pang desisyon at nakabinbin pa.

Naniniwala ang mga manggagawa ng Nexperia na palusot lamang ng kumpanya na malulugi na ito para bigyang katwiran ang pagsisante sa mga manggagawa. Ayon pa sa unyon, hindi titigil ang operasyon ng Nexperia dahil lilipat lamang ito ng ibang *site*. Hindi rin umano malulugi ang Nexperia sa pagsasara ng Sensors Department dahil tinatayang tataas pa ang kita nito hanggang 2024. Ang Nexperia ay kumpanyang nag-aasembol ng *semiconductors*.

Giit ng Nexperia Philippines Inc. Workers Union, makatwiran ang kanilang laban dahil matagal nang nagtatrabaho ang mga manggagawa sa kumpanya. Ilan sa kanila'y higit 10 taon na sa pagawaan. Nanawagan silang humanap ng mas epektibong pamamaraan ang kumpanya bago humantong sa tanggalan. Ipinaglalaban din nila ang taas-sahod sa gitna ng mataas na implasyon. K

# Mamamayan ng daigdig, magbigkis, pigilan at labanan ang lahat ng anyo ng inter-imperyalistang gera!

Public Information Office
Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan
Pebrero 22, 2023

Kaisa ng mamamayan ng daigdig, tinutuligsa ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan ang nagpapatuloy na inter-imperyalistang gera sa Ukraine sa pangunguna ng US. Kasabay nito, mariin din naming tinutuligsa ang tuluy-tuloy na pang-uudyok ng US ng panibagong larangan ng gera sa Asia Pacific laban sa China.

Isang taon na ang nakalilipas mula nang pumutok ang gera sa Ukraine. Unti-unti nang nagiging matagalan ang *proxy war* na inilunsad ng US-NATO laban sa Russia laluna matapos tanggihan ng una ang lahat ng pagsisikap para sa negosasyong pangkapayapaan.

Noong Abril 2022, pumayag ang Russia na pumasok sa negosasyon sa inisyatiba ng Turkey pero tinanggihan ito ni Volodymyr Zelensky, presidente ng Ukraine sa sulsol ng noo'y Prime Minister ng UK na si Boris Johnson. Imbes na pahupain, lalong pinaigting ng US-NATO ang gera sa pamamagitan ng pagbuhos ng bilyun-bilyong halaga ng armas sa tuta nitong gubyerno at armadong hukbo sa Ukraine. At noong Oktubre ng parehong taon, tahasang ibinasura ni Biden ang panawagan ng 66 bansa sa United Nations General Assembly na muling buksan ang negosasyong pangkapayapaan at ipatupad ang tigil-putukan para tapusin ang gera sa Ukraine.

Pinakanagdusa sa gerang ito ang sibilyang mamamayan ng Ukraine at mga karatig na bayan. Hanggang nitong Pebrero 12, naitala ng UN Office of the High Commissioner for Human Rights ang 18,955 kaswalti sa mga sibilyan kung saan 7,199 ang napatay at 11,756 ang nasugatan. Liban dito, aabot na sa 7.9 milyong Ukrainian na ang lumikas dahil sa gera. Ayon naman kay Ukraine Prime Minister Denys Shmyhal, mahigit na sa $700 bilyon ang pinsala sa pambansang ekonomya ng Ukraine hanggang Disyembre 2022. Dahil malayo pa sa paghinto ang gera at sa gitna ng inilulunsad na opensiba ng Russia, lalupang titindi ang sitwasyon sa Ukraine at dadami ang pinsalang direktang tatama sa mga sibilyan roon.

Sadyang walang pakialam ang sindikatong US-NATO sa kahihinatnan ng Ukraine at mamamayan nito. Sa kaibuturan, nais nitong sairin ang kakayahang militar ng Russia at ihiwalay ito sa China, ang kasunod na target nitong gerahin sa pangarap na kamtin muli ang solong pandaigdigang paghahari. Katunayan, todo-buhos ito ng suportang militar sa Ukraine. Hanggang Disyembre 2022, aabot na sa $100 bilyon ang pondong inilaan ng US para sa gera sa Ukraine, napakalayo sa taunang pondong militar ng Russia na £65 bilyon. Kabilang rin sa mga ganansyang nakamit ng US ang pagkawasak ng lahat ng natitira pang pagkakaisa sa pagitan ng Europe at Russia para lalong gawing asa ang Europe sa US, kapwa sa militar at ekonomya. Itinutulak din ng US ang Europe na makipagsabwatan sa kanya para ihiwalay ang China at Russia.

Habang kinamumuhian ng mamamayang Ukrainian, sinasambang tila bayani ng US Congress si Zelenzky, na walang ibang maipagmamalaki kundi ang pagiging bulag na ahente't tagasunod ng US-NATO. Labis ang pangangayupapa ni Zelensky sa amo nito kapalit ang kapangyarihan at "karangalan" sa kapinsalaan ng kanyang mga kababayan. Sa kabilang banda, bagabag ng matinding krisis ang US kaya obligado siyang ipagpatuloy ang reseta nitong gera sa bumubulusok na ekonomya gamit ang Ukraine bilang piyon laban sa Russia. Dahil sa gera sa Ukraine, naglakihan ang kita ng pangunahing mga kumpanya sa depensa sa US kung saan ang gubyerno nito ang pangunahing tagabili ng mga produktong nililikha nito. Nananatiling nangunguna sa paglaki ng kita sa pagtatapos ng taong 2022 ang limang kumpanya sa depensa ng US na Lockheed Martin, Raytheon Technologies, Boeing, Northrop Grumman at General Dynamics. Ang taun-taong $700 bilyong inilalaan ng gubyerno ng US sa depensa ay pangunahing napupunta sa kita at tubo ng mga kumpanyang ito.

Lalong tumitindi ang pangangailangan ng US sa kasalukuyan sa gitna ng nagpapatuloy na implasyong nagpapahirap sa sariling mamamayan. Kalaghatian ng 2022 nagsimula ang resesyon sa ekonomya ng US matapos maitala ang negatibong paglago ng *gross domestic product* nito sa dalawang magkasunod na kwarto ng taon. Pinangangambahan pang magsisimulang muli ang resesyon nito sa ekonomya sa ikalawang hati ng taong 2023.

Samantala, ang gerang *proxy* na tulad sa Ukraine ay malapit nang magkaanyo sa Asia Pacific laban sa China. Mismong sa bibig ng isang opisyal militar ng US na si Lt. Gen. James Bierman, kumander ng Third Marine Expeditionary Force ng US Armed Forces at Marine Forces Japan, kung paanong malaon nang pinagplanuhan ng US ang pagkakasa ng gera laban sa China tulad ng ginawa nila sa Ukraine. Kasunod na tinukoy ni Bierman na bahagi nito ang paghahanda nila ng teatro ng gera sa Japan at Pilipinas. Kinumpirma rin ito ng isang internal na kautusan ng Pentagon sa pamamagitan ni Gen. Mike Minihan, hepe ng Air Mobility Command na nagsasaad na

pangunahing layunin nila ang pigilan ang China, at kung kinakailangan ay talunin ito.

Dito nakatudla ang papatinding presensya ng US sa Indo Pacific—Taiwan, Pilipinas, Japan, Singapore at South Korea, ang itinuturing na *first island chain* nito para palibutan ang China. Paparami at papadalas ang mga aktibidad at pagsasanay-militar ng US at nabanggit na mga papet na bansa.

Pinalaki ng US ang presensya ng mga pwersang nabal nito sa kanluran at silangang karagatan ng Pilipinas, sa silangang baybayin ng Japan at sa Taiwan Strait. Patuloy na hinahamon ng US ang One China Policy (soberanya ng China sa Taiwan) at inuudyukan itong unang sumalakay tulad ng nagawa nito sa Russia at bigyang-katwiran ang isang lahatang-panig na gera laban sa China.

Sa Pilipinas, tinutuntungan ng pinalaking presensyang militar ang mga tagibang na kasunduan sa pagitan ng US at reaksyunaryong GRP. Kabilang dito ang Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement at ang pinakahuli, ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Sa kabila nang pagpapatalsik ng mamamayang Pilipino sa base militar, nagagawang ikutan ng US ang lahat ng limitasyon sa pagpapanumbalik nito sa bansa sa pamamagitan ng EDCA. Mula nang ipatupad ito, tuluy-tuloy nang ginagamit ng US ang Basa Air Base sa Pampanga; Antonio Bautista Air Base sa Puerto Princesa City, Palawan; Benito Ebuen Air Base sa Mactan Island, Cebu; Lumbia Airfield sa Cagayan de Oro City; *jungle base* sa Fort Laur sa Nueva Ecija at ilan pang "sikretong base" nito tulad ng Naval Station Carlito Cunanan sa Ulugan Bay, Palawan. Nitong buwan lamang, inianunsyo ni Marcos Jr. na madadagdagan pa ng lima ang istasyon ng EDCA sa bansa matapos ang pagbisita ni US Defense Secretary Lloyd Austin.

Bago pa ito ang pagbisita ni US Vice President Kamala Harris sa bansa na dala ang kasunduan



hinggil sa pagtatayo ng *missile systems* sa bansa. Ang planong *missile launching systems* at iba pang pasilidad militar ng US na itinatayo at itatayo pa sa Pilipinas ay magsisilbing *magnet* sa mga atakeng Chinese laban Pilipinas. Garapalang nilalabag ng US ang soberanya ng Pilipinas sa paggamit sa bansa bilang base para sa paglulunsad ng mga dayuhang gera nito.

Sa gitna ng lahat ng ito, ang mamamayan ng buong daigdig ang nagdurusa sa pagpapasasa ng mga imperyalistang bansa sa pangunguna ng US. Ang ipinataw na mga sangsyon sa Russia ay ibayong gumatong sa pandaigdigang krisis dahil sa sinira nito ang ng suplay sa buong daigdig laluna sa larangan ng produksyon ng langis, trigo, abono, *rare earth metals* para sa produksyon ng *microchips* at *artificial intelligence* na kailangan sa industriyang militar at iba pang hilaw na materyales na pangunahing nagmumula sa Russia. Lumikha ito ng artipisyal na kawalan at o kakulangan ng suplay ng langis, pagkain at iba pang hilaw na materyales sa buong mundo.

Sinasamantala ito ng monopolyong burgesya at mga lokal na naghaharing uri sa mga bansang mahihirap upang itodo ang pagkamal ng super tubo sa kapinsalaan ng sangkatauhan. Ibayong pinaypayan nito ang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing kalakal at bilihin laluna ng langis, pagkain at iba pang hilaw na materyales kung saan naitala ang makasaysayang rekord ng sobrang pagtaas ng *global inflation* na umaabot sa 8.5%-9.5%. Grabeng kahirapan ang idinudulot nito sa sangkatauhan laluna sa masang anakpawis.

Samantala, ang mamamayan ng mga bansang imbwelto at lunsaran ng gera tulad ng Russia at Ukraine ang nakararanas ng pinakamatitinding karahasan at kahirapan. Habang lalong pinipiga ng imperyalismo ang lakas-paggawa at kakayahang lumikha ng lipunan, ipinambabala nito sa magastos na gera ang mamamayan laluna ang uring anakpawis.

Dapat magbigkis at magkaisa ang sambayanan para labanan ang lahat ng anyo ng inter-imperyalistang gerang labis na naglulugmok sa sangkatauhan sa ibayong karalitaan. Para gawin ito, dapat ipanawagan sa buong daigdig na pigilan ang inter-imperyalistang gera at kung hindi kakayaning pigilan ay samantalahin ang inter-imperyalistang gera upang ipanalo ang rebolusyonaryong pakikibaka sa kani-kanilang bayan para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo. Nararapat iambag ng sambayanang Pilipino ang buong makakaya upang pagkaisahin ang sangkatauhan sa muling pagdaluyong ng pandaigdigang sosyalistang rebolusyon upang ibagsak ang imperyalismo–ang huli at naghihingalong yugto ng pandaigdigang kapitalismo na siyang ugat ng pandaigdigang karahasan, pagsasamantala, pang-aapi at kahirapan ng sangkatauhan. K

# Kay Ka Facio

*Mula kay Ka Maya*

unang gabi ito na hindi ka makakadalo
sa bahaginan at talakayan
paghahabol sa panahong magkahiwalay
iyon ang noon nating nabuong
kasunduan
ilang taong naging kalakaran

hindi tayo maubus-ubusan
ng pag-uusapan –
tungkol man sa masa,
sa ating mga sinisinta,
sa kinagigiliwang mga kasama,
sa iniwang mga buhay,
o sa tinatanaw na tagumpay

pero, kasama
bukod sa pagiging
kasama kong pinakamatalik,
halaga mo sa akin
tulad ng bulubunduking matarik
na paulit-ulit nating pinangahasang
bagtasin

kahit noon pa
ikaw ay akin nang tinitingala
ipinundar na kahusayan
sa apat na sulok ng silid-aralan
bilang estudyante, lider at guro
sa Hukbo ipinamalas nang buong-buo

tinalikuran
dati ring pinangarap na alwan
kaya 'di na tumungo sa bansa ng
dayuhan
umugat sa Pulo* sa sarili nating
bakuran

hindi lang wika ang itinuro
kundi kabuktutan ng gubyerno
pagsasamantala ang paksa
lipunan at rebolusyon ang lektura
walang pagdududa,
walang pag-aalinlangan
leksyon mo'y digmang bayan ang
kasagutan!

at sa pagtatapos
ng mga diskusyon
iyo nang kakwentuhan
masang kinagigiliwan
nagmistulang kaibigan
tagapayo at sandigan
tiyak na habambuhay na
nilang maalaala si Ka Lima

ang mga kasama
ginabayan mo upang ipakita
angkin nilang husay
at maiaalay
upang maglakas-loob
upang makita'ng paglulugaran
ng sarili sa marahas na digmaan
at halaga ng bawat isa
para sa minamahal nating masa

maging sa akin ay napakalaki
ng impluwensya mo't ibinahagi
pasya ko'y nabuo
upang lumahok sa pakikibakang
armado
noon at hanggang sa kamatayan
mo
ginising mo ang diwa ko
mukha ng kalupitan ng digma
ang sakit ng iyong pagkawala
ngunit silbi ring pabatid
na panaho'y nagpapatuloy at 'di
napapatid

una rin itong magiging
hiwalayan
na 'di man lang tayo
makakapagkamayan
para sa tahimik na
kasunduan
aking nagugunita ang iyong
pamalagiang bilin:
padayon, paghusayan,
iyo 'yang kakayanin!

kaya't sa aking tatahakin
bitbit namin ang alaala mo
ang iyong tinanaw
para sa masa mong nakaulayaw
patuloy na aabutin
kahit hanggang hininga'y malagot din.
K

*Pulo - lokal na tawag sa Polilio Group of Islands

*Alay kay Kevin Cedrick "Ka Lucio" Castro, kadre at rebolusyonaryong martir ng Apolonio Mendoza Command na nasawi sa isang labanan sa Brgy. Binitbitinan, Polilio, Quezon noong Pebrero 21, 2022.*

